Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 125 -T-2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI INHR. LAURA P. OBLIGACION NA MAKAPAGDAOS NG FOUR-COCK DERBY SA IKA-3 AT 4 NG HUNYO, 2002 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BRGY. BU[redacted]SA PAGSUNOD SA MGA PATAKARAN AT ALITUNTUNIN SA PAGPAPASABONG SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Inhr. Laura P. Obligacion na makapagdaos ng four-cock derby sa ika-3 at 4 ng Hunyo, 2002, sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, matapos na matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ibibigay sa samahang namamahala sa pagdaraos ng kapistahan ng bayan ng [redacted]menda ng Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan na pagtibayin na ang nasabing kahili[redacted].

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang kahilingan ni Inhr. Laura P. Obligacion na makapagdaos ng four-cock derby sa ika-3 at 4 ng Hunyo, 2002 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal, ayon sa pagsunod sa mga patakaran at alituntunin sa pagpapasabong sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pinuno ng Pulisya, Pambayang Ingat-Yaman at Pinuno sa Lisensya at Permiso, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan